

Office of the Human Rights Commissioner of BC
[Tanggapan ng Komisyando ng mga Karapatang Pantao sa BC]
Pahayag ng Patakaran ukol sa COVID-19 pandemic

Ang draft ng pahayag ay isinagawa noong Marso 19 at ang update nito ay ginawa noong Marso 23, 2020, XXX a.m.

Disclaimer: Ang pahayag na ito ay hindi legal na payo. Hinihikayat ng Human Rights Commissioner ng BC ang mga indibidwal at mga organisasyon na mag-ingat batay sa pinakabagong payo mula sa [public health officials](#) at humingi ng legal na payo, kung kinakailangan. Patuloy na minomonitor ng Commissioner ang nagbabagong sitwasyon at patuloy silang gagawa ng update ng pahayag na ito, tuwing kinakailangan.

Introduksyon

Ang mga karapatang pantao ay lubos na mas mahalaga pa man sa mga panahon ng krisis. Ang mga karapatang pantao ay pinakamahalaga lalo na sa mga panahon kung kailan sila pinakamahirap na tuparin. Nagiging kritikal para sa ating lahat na malaman ang ating mga karapatang pantao lalo na sa mapanghamon o challenging na mga panahong ito, upang maunawaan natin ang lawak ng ating mga proteksyon sa B.C., at upang ilagay ang mga karapatang pantao sa kalagitnaan ng ating paggawa ng desisyon.

Alinsunod sa [United Nations High Commissioner for Human Rights](#), hinihikayat ko ang British Columbians na panatilihin ang mga prinsipyo ng mga karapatang pantao sa pundasyon ng ating pagtugon sa coronavirus (COVID-19) pandemic.¹ Gayunman, nalalaman ko na sa kritikal na panahong ito, dapat may pagkumpara ng mga karapatang pantao at mga kalayaang sibil sa kabutihan ng kaligtasan at kalusugan ng publiko. Ang anumang desisyon na nagli-limit sa mga karapatang pantao at mga kalayaang sibil ay dapat batay sa ebidensiya, proporsiyonate sa risk o panganib ng kalusugan ng publiko, at dapat pansamantala at malinaw.

Ang ating mga karapatang pantao ay protektado, at ang ating mga responsibilidad ay nakabalangkas sa Human Rights Code ng B.C., sa Canadian Charter of Rights and Freedoms, at sa international human rights treaties.

Layunin ng pahayag na ito na magbigay ng patnubay sa mga tagapag-empleyo, sa mga landlord, service providers, at sa bawat isa sa atin bilang mga indibidwal tungkol sa kung paano masisigurado na ang mga karapatang pantao ay protektado at balanse sa harap ng mga pangmadaliang priyoridad ng kalusugan ng publiko.

Kaninong mga karapatan ang nakataya?

¹ Nagpapasalamat din kami sa Ontario Human Rights Commission sa kanilang pagbahagi ng kanilang [pahayag ng patakaran](#). Malaking tulong ang naibigay ng pahayag na ito, at ito'y naging halimbawa ng good practice o mabuting gawi sa pagdibelop ng pahayag na ito.

Sa harap ng isang pandemic, ang ginagawa natin bilang mga indibidwal, mga pamilya, mga organisasyon, at mga komunidad ay magkakaroon ng malaking epekto sa kabutihan ng lahat. Sama-sama tayong lahat dito.

Gayunman, ang ilan sa atin ay mas mahina kaysa sa iba laban sa virus, at ang ilan sa ating mga mga desisyon ay may mas malaking epekto sa kapakanan ng iba, at ang ilan sa atin ay may mas kaunting mga hadlang kaysa sa iba sa pagsunod sa payo tungkol sa kalusugan ng publiko. Tulad ng anumang ibang mga desisyon, dapat nalalaman natin kung paano nakagagawa ng pagkakaiba ang bias, stereotyping, at mga sistema ng inequality sa epekto ng ating mga desisyon ukol sa kalusugan ng publiko. Tulad ng anumang ibang konteksto, dapat tayo mag-ingat dahil ang racism, economic inequalities, at classism, ableism, ageism at misogyny ay lahat maaring maging factors ng kung paano trinatrato ang mga tao at kung paano madadama ng mga tao ang pandemic.

Dapat kilalanin ng kapwa public at private-sector na mga organisasyon ang kanilang mga obligasyon na nauukol sa karapatang pantao, at dapat nila isipin ang maaring maging mas malaking epekto ng COVID-19 sa mga vulnerable o marginalized groups na binibigyan nila ng trabaho o housing, o na sinisilbihan nila. Kabilang sa mga grupong ito ang mga taong immuno-compromised, mga matatanda na naninirahan nang mag-isa o naninirahan sa mga institusyon, mga taong indigenous at racialized, mga taong may mga kapansanan, mga babae at mga taong gender diverse, at mga komunidad na mababa ang kinikita.

Marami sa marginalized groups na ito ang may mga trabahong mababa ang suweldo, de-oras ang kinikita, walang benefits, at mukhang mawawalan ng trabaho. Dahil dito'y hindi sila nakapagbibigay ng pangangalaga at hindi nila kayang itigil ang kanilang pagtrabaho. Mas malamang silang may limitadong access sa matatag at mahusay na housing, comprehensive health care, sick leave, child care, transportasyon, at employment insurance, na siyang maaring makaapekto sa kanilang kakayahang mag-social distancing sa kanilang sarili, o mag-self-isolate. Maraming mga taong marginalized ang mas malamang na aasa sa mga pampublikong serbisyo para sa income, housing, at mabuting kalusugan. Ang mga taong Indigenous at racialized ay mas malamang din na mayroong mga pangmatagalang kondisyon, tulad ng alta presyon, diyabetis, sakit sa puso, at marami pang iba.

Paano uma-apply ang mga batas ukol sa mga karapatang pantao sa COVID-19 pandemic?

Sa ilalim ng B.C. Human Rights Code, ang diskriminasyon batay sa disability o kapansanan ay ipinagbabawal, maliban sa kung ang mga taong may tungkulin, tulad ng mga tagapag-empleyo, landlords, at service providers, ay may makatwirang dahilan dahil ito'y undue hardship (magiging labis na mahirap) (tinatalakay sa ibaba).

Sa panahong ito kung saan maraming bagay na mabilis nagbabago, ni ang Human Rights Tribunal o ang hukuman man ay nagkaroon ng sapat na panahon upang malaman kung ang COVID-19 ay isang kapansanan. Gayunman, sa tingin ko, bilang Human Rights Commissioner ng

B.C., ang COVID-19 ay isang kapansanan. Ang kalubhaan ng sakit na ito, at ang maaring maging stigma nito ay nangangahulugang ang mga legal na proteksyon nito ay dapat katulad ng proteksyon na uma-apply sa HIV at hindi sa karaniwang sipon. Samakatwid, ang diskriminasyon batay sa pagkakaroon ng isang tao ng COVID-19, o parang mayroon nito, ay ipinagbabawal sa ilalim ng Kodigo, maliban kung saan maaring mangatwiran ang taong may tungkulin na ang ganoong pagtrato (halimbawa, upang iwasan o bawasan ang pagkalat ng virus).

Ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, ancestry o pinagmulan, o lugar na pinanggalingan ay ipinagbabawal din. Ibig sabihin, ang mga taong may tungkulin ay hindi maaring magdiskrimina laban sa isang tao batay sa kung siya ay galing (o mukhang galing) man sa isang COVID-19 hotspot tulad ng China o Italy. Ang COVID-19 ay hindi lamang mangyayari sa tao mula sa isang partikular na etniko, lugar na pinanggalingan, o lahi. Gayunman, ang mga restriksyon batay sa kung saan nagbiyahe ang isang indibidwal kamakailan lamang ay maaring makatwiran ngunit hindi diskriminasyon, [alinsunod sa patnubay mula sa public health officials](#).

Bukod pa rito, ang diskriminasyon batay sa family status ay ipinagbabawal. Kapag sarado ang mga eskwelahan at kinansela ang child care, ang mga taong may tungkulin ay maaring kailangang magbigay-tulong sa mga magulang upang maalagaan nila ang kanilang mga anak. Ang karagdagang pabigat ng child care burden dahil sa public health measures ay maaring mas makaapekto sa mga babae, lalo na sa single mothers.

May limit sa tulong na maibibigay ng mga taong may tungkulin, tulad ng mga tagapag-employo, housing providers, o service providers, upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga empleyado, tenants, o mga kliyente. Kailangan nilang gawin ang lahat ng magagawa nila upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nangangailangan ng tulong, maliban kung ang ganoong pagkilos ay magiging “undue hardship” para sa taong may tungkulin.

Ang “undue hardship” ay depende sa mga kalagayan ng bawat kaso, pero ang ilang halimbawa ay kung ang pagtulong ay magiging mapanganib sa kalusugan at kaligtasan ng iba, o kung ito’y masyadong magastos. Ang undue hardship ay maaring gamitin ng mga taong may tungkulin bilang dahilan kung bakit ang ilang mga patakaran o mga gawi ay dapat patuloy na gawin, bagama’t ang mga ito ay maaring may masamang epekto sa mga taong pinagsisilbihan nila. Kailangan sila magbigay ng “sufficient at objective” na ebidensiya upang patunayan ang undue hardship sa konteksto ng isang reklamo ukol sa mga karapatang pantao.²

Dapat siguraduhin ng mga tagapag-employo at housing at service providers na ang anumang mga restriksyon sa mga empleyado, tenants, at mga kliyente ay alinsunod sa pinakabagong payo mula sa public health officials at na ang mga ito ay makatwiran para sa mga dahilan na nauukol sa kalusugan at kaligtasan. Ang pinakatiyak na paraan na magbibigay-proteksyon laban sa inequality o di-pagkakapantay-pantay, o sa kawalang-katarungan sa panahon ng pandemic ay ang masigurado na ang lahat ng mga aksyon ay batay sa ebidensiya.

² Tingnan ang [BC Human Rights Tribunal](#) o ang [Canadian Human Rights Commission](#) para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang dapat gawin ng mga tagapag-empleyo?

- Hindi maaring mag-hire, magdisiplina, o magsisante ang mga tagapag-empleyo batay sa kung ang isang tao ay mayroon, o mukhang mayroong, COVID-19. Gayunman, hindi diskriminasyon na mag-lay-off ng mga empleyado kung walang trabaho para sa kanila dahil sa epekto ng COVID-19.
- Inuutusan ang mga tagapag-empleyo na tulungan ang isang taong maaring may COVID-19, ibig sabihin, gawin ang lahat ng kinakailangang pag-iingat upang itigil ang pagkalat ng virus sa sa lugar ng trabaho, maliban kung ito’y magiging undue hardship. Ang ilang mga halimbawa ng mga pag-iingat ay ang paglaan ng flexible work-from-home arrangements, pag-delay ng mga oras ng pagsimula ng trabaho para sa mga bagong empleyado, o ang pagbigay ng sick leave.
- Ang mga patakaran ng tagapag-empleyo ukol sa absenteeism ay hindi dapat makaapekto nang masama sa mga empleyado na hindi makapagtrabaho dahil sa COVID-19. Hindi maaring disiplinahan o sasantihin ng isang tagapag-empleyo ang isang empleyadong hindi makapasok sa trabaho dahil na-quarantine siya ng medical o public health officials, o pinayuhan siyang mag-self-isolate at manatili sa tahanan dahil sa COVID-19.
- Hindi maaring mag-hire, magdisiplina, o magsisante ang mga tagapag-empleyo batay sa kung ang isang tao ay galing (o mukhang galing) man sa isang COVID-19 hotspot tulad ng China o Italy.
- Dapat din tulungan ng mga tagapag-empleyo ang mga empleyado na isinasaalang-alang na lalo nang mas maaapektohan ng virus, halimbawa, ang mga matatanda o mga taong immuno-compromised. Ibig sabihin, dapat gawin ang lahat ng pag-iingat upang itigil ang pagkalat ng virus sa lugar ng trabaho (tulad ng karagdagang paglilinis) maliban kung ang paggawa nito ay magiging undue hardship. Ibig din sabihin nito ay dapat sila maglaan ng flexible work arrangements upang pahintulutan ang vulnerable workers na magtrabaho mula sa tahanan o mula sa mga ligtas na lugar, maliban kung magiging undue hardship ang gawin ito.
- Maari ring kailangang tulungan ng mga tagapag-empleyo ang mga empleyadong may mga karagdagang obligasyon sa child care dahil sa pandemic. Alinsunod sa proteksyon ng family status, maaring iutos sa mga tagapag-empleyo na gawin ang lahat ng makakaya, nang walang undue hardship, upang makatulong sa isang empleyadong wala nang ibang paraan upang magbigay-alaga. Ang ilang halimbawa ng tulong na maibibigay ay ang pagpahintulot ng flexible work hours, pagtrabaho mula sa tahanan, o pagkuha ng paid leave. Maaring ganoon din ang tulong na kailangang ibigay sa mga empleyadong kailangang mag-alaga sa mga may sakit na kapamilya sa tahanan.
- Hindi dapat hingan ng mga tagapag-empleyo ng sick notes ang mga empleyado sa panahong ito. Ang pagpunta sa mga medical office kapag hindi naman talagang kinakailangan ay nagdaragdag lamang sa tsansa na malalantad sa virus; lalo nang masama ito sa mga taong pinaka-maaapektohan ng virus, at nagbibigay lamang ito ng karagdagang problema sa health care providers.

- Kung ang mga tagapag-empleyo ay may mga patakaran para sa paid sick leave, dapat nila ito i-apply dito tuwing kinakailangan at, bagamat hindi sila obligado ng batas na gawin ito, dapat pag-isipan ng mga tagapag-employong walang mga probisyon para sa sick leave na maglaan ng paid leave sa lahat ng staff o tauhan na may sakit o kailangang magbigay-pangangalaga sa iba.
- Dapat din pag-isipan ng mga tagapag-empleyo na magbigay ng security of employment at/o paid leave sa staff na hindi makapagtrabaho dahil nagsara ang mga lugar ng trabaho. Ang economic impact ng virus ay pinaka-mararamdaman ng mga taong lubos nang nahihirapan, tulad ng mga taong mababa ang suweldo, de-oras ang kinikita, walang benefits, at mukhang mawawalan ng trabaho. Dahil sa virus, malamang na maghihirap nang husto ang mga taong mababa ang suweldo. Ang mga tagapag-empleyo— lalo na ang malalaking negosyo at public entities— ay maaring maging proactive sa pagtulong sa mga maaapektohang empleyado mula sa malakas na epekto ng public health crisis.
- Karapat-dapat na asahan ng mga tagapag-empleyo na patuloy na gagawin ng mga empleyado ang kanilang trabaho maliban kung sila’y may tunay na dahilan kung bakit hindi nila magagawa ito, halimbawa, dahil sa kasalukuyang patnubay ng public health, social distancing, o self-isolation. Kung ang isang empleyado ay kailangang mag-self-isolate, ang tagapag-empleyo ay kailangang maghanap ng mga ibang opsyon kung paano patuloy na makapagtrabaho ang empleyado para sa tagapag-empleyo (halimbawa, telework), maliban kung ang empleyado ay hindi makapagtrabaho dahil siya’y may sakit.

Ano ang dapat gawin ng service providers?

- Hindi maaring talikdan ng service providers ang sinomang naghahanap ng tulong o mga serbisyo dahil ang taong iyon ay mukhang may COVID-19, maliban kung kailangan nilang panatilihin virus-free ang kanilang sarili o ang iba, at walang ibang paraan (na hindi magiging undue hardship) upang gawin ito. Dapat maghanap ang service providers ng ibang mga paraan upang maglaan ng serbisyo sa mga ganitong sitwasyon, tulad ng sa telepono o online, o mula sa malayong ligtas na distansya. Dapat gumamit ng evidence-based approach ang service providers kapag inaaseso nila ang risk sa kanilang sarili o sa iba. Ito’y lalo nang mahalaga para sa providers ng tinatawag na essential services, tulad ng mga botika, grocery, mga serbisyo laban sa karahasan, homeless shelters, emergency food services, kalusugan, income assistance services, at iba pa.
- Hindi maaring talikdan ng service providers ang sinomang naghahanap ng tulong o mga serbisyo dahil ang taong iyon ay galing (o mukhang galing) sa isang COVID-19 hotspot tulad ng China o Italy.
- Dapat tulungan ng service providers ang mga humihingi ng tulong o mga serbisyo na isinasaalang-alang na lalo nang mas maaapektohan ng virus, tulad ng mga matatanda o mga taong immuno-compromised. Ang ibig sabihin ay dapat gawin ang lahat ng pag-iingat upang itigil ang pagkalat ng virus sa lugar ng trabaho (tulad ng karagdagang paglilinis) maliban kung ang paggawa nito ay magiging undue hardship.

- Dapat pag-isipan ng service providers, tulad ng grocery at mga botika, na maglaan ng takdang panahon para sa mga taong lalo nang mas maaapektohan ng virus, tulad ng mga matatanda o ng immuno-compromised na mga tao, upang sila’y makapamilya pagkatapos ng paglinis at kapag walang ibang mga customer.
- Kapat nagbibigay ang service providers ng essential at emergency services, tulad ng homeless shelters at emergency food services, dapat pag-isipan nilang tanggalin o bawasan ang mga hadlang, halimbawa, pagtanggap ng registration requirements at pag-alok ng mabilis na pick-up para sa pagkain.

Ano ang dapat gawin ng housing providers?

- Ang housing providers ay ang condo corporations, landlords ng rental apartments, at operators ng residential institutional facilities tulad ng long-term care at retirement homes.
- Hindi maaring talikdan ng landlords ang isang aplikante, o mang-abala sa isang tenant, at hindi nila maaring paalisin ang isang tao dahil ang taong iyon ay mayroon, o mukhang mayroong COVID-19. Kailangan nilang i-accommodate ang isang taong mayroon, o mukhang mayroong COVID-19; ibig sabihin ay dapat nilang gawin ang lahat ng kinakailangang pag-iingat upang itigil ang pagkalat ng virus sa shared living spaces (tulad ng karagdagang paglinis sa mga hawakan ng pinto at mga elevator), maliban kung ito’y magiging undue hardship.³
- Hindi maaring talikdan ng landlords ang isang aplikante o mang-abala sa isang tenant, at hindi nila maaring paalisin ang isang tao dahil galing (o mukhang galing) siya sa isang COVID-19 hotspot tulad ng China o Italy.
- Dapat i-accommodate ng landlords ang tenants na isinasaalang-alang na lalo nang mas maaapektohan ng virus, tulad ng mga matatanda o mga taong immuno-compromised. Ibig sabihin ay dapat nilang gawin ang lahat ng kinakailangang pag-iingat upang itigil ang pagkalat ng virus sa shared living spaces (tulad ng karagdagang paglinis sa mga hawakan ng pinto at mga elevator), maliban kung ito’y magiging undue hardship.
- Bagama’t ang landlords ay hindi obligado alinsunod sa batas, dapat nila pag-isipang i-delay ang lahat ng evictions dahil hindi binayaran ang renta sa panahong ito upang maiwasan ang malaking epekto sa mga pinaka-nahihirapan dahil sa economic inequality at sa disability o kapansanan. Kapag ang mga tao’y walang matutuluyan at sila’y homeless, wala silang mga ligtas na lugar upang mag-self-isolate o mag-social distancing. Magdaragdag din ito sa risk ng kalusugan ng publiko. Dapat pag-isipan ng mga landlord ang magbigay ng rent waivers o rent deferrals.

³ Hindi ito uma-apply kung ang isang tao ay umuupa o naghahanap ng mauupahan na okupado ng ibang tao na makikigamit ng anumang tulugan, banyo, o kusina sa lugar, tulad ng roommates na nakiki-share ng isang apartment.

Ano ang magagawa ng mga pamahalaan?

Nagsusumikap nang husto ang public health officials upang panatilihin tayong ligtas, at ang ibang mga seksyon ng pamahalaan ay gumagawa ng mga patakaran at nagpopondo ng mga inisyatibo upang tugunan ang matinding social impact ng virus. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga inisyatibo, mangyaring bisitahin ang [federal government](#) at websites ng [B.C. government](#).

Upang matugunan ang ating watchdog function, minomonitor namin nang husto ang epekto ng mga desisyon na ginagawa ng pamahalaan sa human rights sa panahong ito. Ang mga tagapag-employo ng pamahalaan, service providers, at housing providers ay lahat napapailalim sa parehong mga obligasyon na ipinahayag sa itaas. Gumagawa kami ng mga rekomendasyon at nakikipagtulungan kami sa pamahalaan upang masigurado na ang mga desisyon ay nababatay sa mga prinsipyo ng mga karapatang pantao at na ang mga ito ay hindi labis na lalabag sa mga karapatan ng British Columbians. Ilalagay namin sa aming website ang aming mga rekomendasyon sa pamahalaan habang sila'y dinidebelop.

Ano ang magagawa nating lahat?

Ang bawat tao ay may responsibilidad na tratuhin ang isa't-isa nang may dignidad at respeto. Bagama't ang mga pribadong interaksyon ng mga indibidwal ay hindi sinasakop ng mga kasalukuyang batas ukol sa mga karapatang pantao, ang mahalagang tanong sa panahon ng krisis na ito ay kung anong klaseng lipunan ang nais natin para sa atin. Tayo ba ay isang komunidad ng mga tao na nagbibigay-galang sa mga karapatan ng isa't-isa, at na tumutupad sa ating mga responsibilidad sa isa't-isa? Ang mga karapatang-pantao ay makabuluhan lamang kung may commitment tayo dito sa mga panahon ng stress at krisis.

Kung nakikita natin na mahalaga at mabuti ang mga karapatang pantao para sa publiko, dapat natin kilalanin ang ating responsibilidad sa isa't-isa upang panatilihin ang isa't-isa. Kung nais lumabas ng isang taong bata pa, habang siya'y may sakit, isinasapanganib niya ang mga taong high risk -- halimbawa, ang mga matatanda at mga taong immuno-compromised -- at mas lalo nang magkakasakit sa virus ang mga ito; kapag kinakailangan, hindi na sila matutulungan sa reduced medical system capacity. Kung ang mga tao ay nagho-hoard ng pagkain at supplies at ibinebenta nila ito muli sa mas mataas na presyo, sinasamantala nila ang mga taong pinakamaapektohan ng virus, at ang mga taong pinaka-economically marginalized na nangangailangan ng pagkain at supplies na ito.

Ito'y kritikal na panahon upang muling mangako sa mga prinsipyo ng mga karapatang pantao, at na tratuhin ang isa't-isa nang may empatiya at pagmamalasakit na nais natin para sa isa't-isa. Ito ang mga sandali na nagpapakita kung sino tayo.

Nais namin makarinig sa inyo tungkol sa kung paano naapektohan ang inyong mga karapatang pantao habang inilalabas ang mga patakaran ukol sa kalusugan at kaligtasan sa mga darating na linggo. Mangyaring sundin ang link na ito para sa isang maikling survey upang masabi sa amin kung paano naapektohan ng COVID-19 ang inyong mga karapatang pantao.